

Kodigo ng Asal

Pinagsasaluhan Nating mga Prinsipyo



Pagsuporta sa Ethical Leadership na Nagtutulak sa aming Business Forward



Ang Code of Conduct na ito ay nagsisilbing gabay ng gumagamit para sa aming negosyo.

Sinusuportahan nito ang tagumpay ng aming mga katabaho at mga miyembro ng komunidad na may malinaw na mga alituntunin at praktikal na mga alituntunin.

A Note From Our CEO

Sa TD SYNnex, naghahatid kami ng pagbabago at mga solusyon na nagpapayaman sa paraan ng pamumuhay at trabaho namin. Naglilingkod kami sa ecosystem ng teknolohiya bilang isang estratehikong konektor sa pagitan ng mga tagagawa, supplier, solusyon provider at ang natitirang bahagi ng merkado. Sa pamamagitan ng aming matatag na relasyon at malalim na kadalubhasaan, ginagawa naming personal ang IT.

Ang tiwala ng aming mga kasosyo at ang aming kultura ng integridad ay lumilikha ng isang mapagkumpitensya na kalamangan, at upang mapanatili ang kalamangan na iyon, umaasa kami sa etikal na pamumuno ng bawat katabaho ng TD SYNnex. Ang Code of Conduct na ito ay nagbibigay ng isang malinaw na larawan ng kung ano ang ibig sabihin ng paggawa ng negosyo sa tamang paraan, at tumutulong upang lumikha ng isang TD SYNnex komunidad maaari naming lahat ay ipinagmamalaki na tawagan ang aming sariling.

Ang mga alituntuning ibinahagi sa Code of Conduct na ito ay naaangkop sa ating lahat – kabilang na ang ating mga katabaho at kontratista sa buong mundo. Inaasahan din namin ang aming mga kasosyo sa negosyo na matugunan ang mga alituntuning ito sa kanilang trabaho sa amin, at ipaalam sa amin kung sakaling hindi namin matugunan. Kailangan nating magsalita ang lahat ng tao sa ating komunidad kung may nakikita o pinaghihinalaan silang anumang pag uugali na maaaring sumasalungat sa mga alituntuning ito, upang magtulungan tayo upang maitama ang mga bagay.

Inaasahan ko ang malaking pag unlad na magkakasama nating bubuo sa mga transformative years na darating. Ang aming pundasyon ng integridad ay nagbibigay sa amin ng tiwala na umangkop at lumago sa mga pagbabagong ito, habang alam kung saan tayo pupunta sa susunod sa TD SYNnex, palagi kaming mananatiling nakaangkla sa pamama.

Sa ngalan ng aming mga katabaho sa buong mundo, salamat sa iyong etikal na pamumuno.

Patrick Zammit
CEO, TD SYNnex



Lumalapat ang Kodigo sa ating lahat – kasama lahat ng ating kontratista at mga kasamahan sa trabaho sa buong mundo. Pakibasa ito, alamin ito, at kung parang merong mali, magsalita.

Ating Ubod ng mga Pagpapahalaga

Sa TD SYNnex, hinuhubogng ating mga pagpapahalaga ang ating kultura.

Mahalaga ang iyong tinig.

Magkakaiba ang pinagmulan, kahusayan at karanasan, ginagawa tayo ng mga kasamahan natin sa trabaho kung sino tayo. Kapag sinisikap nating unawain ang isa't isa at kinikilala ang kapangyarihan ng indibidwal, ipinapakita natin ang paggalang at dignidad; natututo tayo, umuunlad at nabubuksan ang potensiyal na magkamit ng kahanga-hangang mga resulta para sa ating mga kostumer at sama-samang manalo.

Nakapaloob ang malawak na perspektibang ito sa ating paninindigan sa pagkakaiba, pagkapantay-pantay at pagsasama.

Pinapalakas natin ang mga kalakasan.

Tinutugunan natin ang mga kahilingan ng ating mga kostumer at ng marketplace na patuloy sa pag-unlad sa pamamagitan ng pagpapalabas ng pinakamahusay sa atin bilang mga tao at sa ating mga kasosyo sa lahat ng lugar sa bawat aspeto ng supply chain.

Kapag ginamit natin ang ating kolektibong kahusayan, nakinig nang mabuti, sinuportahan at binigyan ng inspirasyon ang isa't isa, higit pa sa nakamit natin ang ating mga layunin – gumagawa tayo ng dakilang mga bagay.

Mahalaga ang karakter.

Bumubuo ng tiwala ang pagkilos nang may katapatan, kalinawan, paggalang at pagkapatas. Pinagtitibay ng pagtitiwala ang diwa ng pagnenegosyo at siyang nagpapanday ng inobasyon na nagtutulak sa kahanga-hangang mga resulta para sa ating mga kostumer.

Kapag pinanagot natin ang isa't isa sa pinakamataas na mga pamantayan, lumilikha tayo ng bukas at tapat na kapaligiran na nagpapatibay sa malikhaing mga ideya at nagbibigay ng halaga sa ating mga kostumer, vendor at isa't isa.

Nananalo tayo.

Naghahatid tayo ng halaga sa ating mga kostumer at vendor sa pamamagitan ng ating malakas na etika sa trabaho at ating paninindigan sa kahusayan. Nagpapatiuna tayo sa paghanap ng mga oportunidad at tinutugunan ang mga hamon. Mabilis tayong magbago at may kumpiyansang magsagawa para mamaksimisa ang mga resulta para sa ating mga kasosyo at sa ating negosyo.



"Sa TD SYNnex, ang aming pagkakaiba iba ay ang aming lakas. Bawat koponan at rehiyon – bawat tao– ay nagdadala ng kanilang sariling natatanging pananaw at kadalubhasaan sa ating gawain. Lumilikha ito ng isang pandaigdigang komunidad ng pagbabago, na nagkakaisa sa pamamagitan ng aming ibinahaging pangako sa tagumpay ng aming mga kasosyo at ang aming kultura na hinihimok ng mga halaga. "

Alim Dhanji

Executive Vice President,
Chief Human Resources Officer

Pinagsasaluhan Nating mga Prinsipyo

Inorganisa natin ang nilalaman ng Kodigong ito ayon sa 10 Pinagsasaluhang mga Prinsipyo na nagpapaliwanag sa etikal na pagsasagawa ng negosyo sa TD SYNnex.

- p8 Namumuno tayo nang may integridad
- p11 Nagsasalita tayo
- p14 Nangangalaga tayo
- p17 Nag-aalok tayo ng ligtas, magalang at mapagsamang lugar ng trabaho
- p21 Sinusunod natin ang mga patakaran at ang batas
- p24 Bumubuo tayo ng tiwala sa ating mga ugnayan sa negosyo
- p29 Iginagalang natin ang ating shareholders at resources
- p32 Niyayakap natin ang malaya at patas na kompetisyon
- p36 Iginagalang natin ang personal na pagkapribado
- p38 Ginagawa nating prioridad ang cybersecurity

Kung naghahanap ka ng partikular na patakaran o puntong sanggunian, makikita mo ang detalyadong index ng mga paksa sa huling pahina.

Paano gamitin ang Kodigo.

Walang nag-iisang dokumentong puwedeng magbigay ng patnubay para sa bawat sitwasyong nakakaharap ng ating mga kasamahan sa trabaho sa pang-araw-araw nilang trabaho. Para makatulong, isinama namin ang mga link na makatutulong sa iyong humanap ng dagdag na mga patakaran, mag-access sa kapaki-pakinabang na mga mapagkukunan, at tukuyin ang nakatutulong na mga kasamahan sa trabaho na puwede mong lapitan para sa dagdag na suporta.

NAKATUTULONG NA MGA KONTAK



Makikita mo rito ang mga email address at iba pang detalye ng kontak ng mga kasamahan sa trabaho sa TD SYNnex na puwede mong lapitan para sa dagdag na payo at suporta.

ALAMIN PA



Gamitin ang mga link na ito para ma-access ang toolkits at interactive modules na nagbibigay ng madali, napupuntahang mga patnubay para sa karamihan ng mga tanong mula sa ating negosyo.

TINGNAN ANG PATAKARAN



Gamitin ang mga link na ito para ma-access ang buong mga patakarang mahalaga sa bawat paksa. Nagbibigay ang ating mga patakaran ng detalyadong mga patnubay para sa malawak na iba't ibang sitwasyon.



“Hindi basta listahan lang ng mga tuntunin ang Kodigong ito. Patnubay ito ng user sa pagsusulong ng negosyo sa tamang daan.”

Jean-Paul Durand

Chief Ethics and Compliance Officer

Sa TD SYNnex, naniniwala tayo sa kalinawan.

Kaya inilalathala natin ang parehong Kodigo para makita ng lahat. Kasama niyan ang ating aktibong mga kasamahan sa trabaho, gayon din ang shareholders, kasosyo sa negosyo at potensiyal na mga kasamahan sa trabaho na isinasaalang-alang ang ating pangkat.

Marami sa link na matatagpuan sa loob ng Code na ito ay magkakabisa lang para sa mga kasamahan sa trabahong may aktibong account sa TD SYNnex, pero masaya kaming tutulong kung may mga tanong ka.

Kung gusto mong mas malaman ang tungkol sa ating panloob na mga patakaran at mapagkukunan, paki-email sa ethicsandcompliance@tdsynnex.com

Sa TD SYNnex, isa sa ubod na pagpapahalaga natin ang integridad.

Namuhunan tayo sa mga patakaran, pagsasanay at mapagkukunan para tulungan ang ating kumpanyang gumawa ng tamang pasya, lagi-lagi. Pero walang kabuluhan ang mga mapagkukunang iyon nang wala ka.

Para mapanatili ang ating hindi nagbabagong paninindigan sa integridad, umaasa tayo sa mahusay na paghusga at pinag-isipang pagpapasya ng bawat pandaigdigang kasamahan sa trabaho. Iyan ang tinatawag nating etikal na pamumuno.



**Tayo
ay namumuno
nang may
integridad.**

Ang Modelo ng Etikal na Pamumuno

Inaasahan natin ang bawat kasamahang manggagawa ng TD SYNnex na maging etikal na pinuno.

Sundin ang Modelo ng Etikal na Pamumunong may tatlong hakbang para matiyak na laging bahagi ng ating pang-araw-araw na trabaho ang paggawa ng tamang bagay, sa tamang paraan.



HUMINTO

- Ang unang hakbang sa pagiging etikal na pinuno ay paghinto at pagpansin kapag nahaharap tayo sa isang pagpili.
- Hindi natin puwedeng sabihing “hiniling sa akin ng kostumer” o “sinabi sa akin ng vendor” o “sobrang abala ko para gawin ang tamang bagay.”
- Inaangkin natin ang ating mga pagpili, at pinapanagot natin ang ating sarili na gawing tama ang mga ito.



ISAALANG-ALANG

- Ano ang pinakamahusay para sa TD SYNnex, mga kasosyo natin sa negosyo at ating komunidad?
- Ayos lang ba kung regular na gagawin ng bawat kasamahan sa trabaho sa TD SYNnex ang gagawin ko?
- Ano ang kailangan ng mahalagang batas o patakaran?
- Ano ang magiging pakiramdam ko kung humantong sa unang pahina ng pahayagan ang pasyang ito?



KUMILOS

- Sa sandaling natiyak natin ang tamang kurso ng pagkilos, dapat natin panagutin ang ating mga sarili at mga kasamahan sa trabaho sa pagkilos. Ibig sabihin nito, pagsunod sa anumang pamamaraan o prosesong inilagay ng TD SYNnex para tulungan tayong magsagawa ng negosyo nang legal at etikal.
- Ibig din sabihin nito ang pagtatanong ng mga tanong kung hindi natin alam ang tamang kurso ng pagkilos.

Ating Responsibilidad

Sa TD SYNnex, nananagot tayo sa ating mga prinsipyo. Nagsisimula ang paninindigang iyan sa ating mga manager at lumalawak sa bawat kasapi ng ating komunidad.

Bilang mga manager, tayo ay:

- Sumusunod sa Kodigo para tiyakin ang pagtalima sa ating mga patakaran at batas.
- Nakikinig sa sinumang nagsasabi ng alalahanin nang may paggalang at pagdamay. Kung nag-uulat sila ng potensiyal na mga paglabag sa ating mga pagpapahalaga, batas o patakaran—kasama ang Kodigong ito – iakyat sa HR, Etika at Pagtalima o Legal para sa dagdag na suporta.
- Huwag pagtakpan o balewalain ang maling asal.
- Huwag gaganti o papayagan ang pagganti kaninuman.

Susi sa ating tagumpay sa TD SYNnex ang integridad, kaya dapat bigyang-prioridad ng ating mga manager ang etika at pagtalima sa kanilang mga pangkat. Hinihikayat natin ang bukas na talakayan sa pagsasanay sa pagtalima at komunikasyon sa ating mga pulong ng pangkat. Pinupuri natin ang mga kasamahan sa paggawa ng tama, sa tamang paraan at ginagawa nating panggitnang sangkap ng ating mga pagpapasya sa paghirang at pangangasiwa ng pagganap ang integridad at pagtalima. Responsable tayo para sa oversight sa ating mga lugar ng negosyo para tukuyin ang anumang mga gawaing puwedeng makalikha ng panganib sa TD SYNnex. Nagpapatuina tayo sa pagtratrabaho upang bawasan ang panganib saanman ito matatagpuan.

Dapat nating panagutin lahat ang ating sarili.

Tuwing nagkukulang tayo sa ating mga patakaran, pagpapahalaga o pinagsasaluhang mga prinsipyo, inilalagay natin sa panganib ang ating mga sarili. Dapat malaman ng ating mga kasosyo sa negosyo na maaasahan nila tayo sa bawat pasyang ginagawa natin. Kahit ang isang paglabag sa Kodigong ito ay puwedeng makasira sa pagtitiwalang iyan. Puwede rin itong magresulta sa mga multa at sibil o maging kriminal na mga pananagutan.

Kapag nakatanggap tayo ng ulat, kumikilos tayo. Sinisiyasat natin lahat ng ulat na may mabuting layunin nang may kasamang kuwalipikadong mga imbestigador. Habang nasa imbestigasyon, kinakausap natin ang taong gumawa ng ulat at ang akmang mga antas ng pamumuno. Kung may makikita tayong hindi etikal o hindi legal na pag-uugali, gagawa tayo ng kilos na pagwawasto. Puwedeng kasama rito ang pagsisante. Kung naayon, isasangguni rin natin ang mga kaso sa mga awtoridad ng gobyerno para sa dagdag na imbestigasyon.

Pagsasaisantabi

Anumang pagsasaisantabi o pagbubukod sa Kodigong ito ay dapat isiwalat sa naayong rehiyonal na presidente kasama ng dahilan sa kahilingan. Ang kahilingan ay rerebyuhin din ng Departamento sa Etika at Pagtalima.



NAKATUTULONG NA MGA KONTAK

Ang ating [Mga Tagapayo sa Etika](#) ay mahusay na mapagkukunan para sa mga manager at kasamahan sa trabaho. Matatagpuan sa mga opisina sa buong mundo, makatutulong sa inyo ang lokal na mga kasamahan sa trabahong ito na matagpuan ang nakakatulong na mga mapagkukunan sa etika at pagtalima at sagutin ang karaniwang mga tanong. Puwede rin silang makinig at mag-angat ng inyong mga alalahanin kung naghihinala kayo ng paglabag sa Kodigong ito.

Sa TD SYNnex, nagsasalita tayo kapag nakapansin tayo ng maling asal o ilegal na pag-uugali.

Alam nating ang pagsasalita nang maaga ay puwedeng magpahinto sa paglubha ng masamang sitwasyon. Kaya tayo gumagamit ng bukas na komunikasyon para bawasan ang panganib sa kumpanya, sa ating mga kasamahan sa trabaho, sa ating mga kasosyo at sa ating mga sarili.

Kung may duda tayo, magpaabot para sa tulong. At kung hiniling tayong sumali sa isang imbestigasyon, bukas at tapat tayo sa lahat ng oras.



Nagsasalita tayo.

Magsalita ka, makikinig kami.

Kung may alalahanin ka tungkol sa isang paglabag sa Kodigong ito, iulat ito sa lalong madaling panahon.

Puwede ninyong kausapin ang iyong manager, pangkat ng pamumuno, Tagapayo sa Etika, HR, Legal o Etika at Pagtalima. Bilang alternatibo, puwede kayong magsumite ng alalahanin sa Komite sa Audit ng ating Lupon o sa pamamagitan ng Linya sa Etika.

Ang Linya sa Etika

Available nang 24 oras isang araw, pitong araw sa isang linggo ang Linya sa Etika para tulungan kayong mag-ulat ng inyong mga alalahanin. Puwede kayong mag-ulat nang online o maghanap ng lokal na numero ng hotline para mag-ulat sa pamamagitan ng telepono. Kung gusto ninyo, puwede ninyong piliing mag-ulat nang walang pangalan. Gayon man, mangyaring tandaan na wala kaming paraang kilalanin kayo, at maaari kaming humingi ng dagdag na impormasyon para makatulong. Kung mag-uulat kayo nang walang pangalan, tandaan ang inyong **Report Key** at **Password**, at bumalik nang madalas sa Linya sa Etika para makipag-usap sa amin.

Pahayag ng Hindi Pagganti

Sa TD SYNnex, hindi natin kinukunsinti ang pagganti. Kailangan naming marinig kayo kung may mga alalahanin kayo, at lagi kayong protektado sa anumang anyo ng pagganti kapag nagsalita kayo para sa pinapaniwalaan ninyong tama. Hindi ninyo kailangang malaman lahat ng detalye bago kayo magsalita. Ang obligasyon ninyo ay maging tapat at sumali sa imbestigasyon na kailangan. Kung hindi mapapatunayan ang inyong mga alalahanin, ayos lang. Pasasalamat pa rin namin ang dalisay na nasa ninyong tumulong, at protektahan pa rin namin kayo sa pagganti.



NAKATUTULONG NA MGA KONTAK

Mag-email sa ating pangkat ng [Etika at Pagtalima](#) kung may mga tanong kayo.



GUSTO PANG MAS MALAMAN?

Bisitahin ang [Linya sa Etika](#) para mas matutunan o iulat ang isang alalahanin.



TINGNAN ANG PATAKARAN

Tingnan ang ating [Patakaran sa Pagsasalita at Hindi Pagganti](#) para mas matutunan o iulat ang isang alalahanin.





“Kumpanya natin ito. Kung nagkamali tayo o nagkulang sa ating pamantayan, nasa atin iyong lahat, sama-sama, para itama ang mga bagay.”

Marshall Witt
Chief Financial Officer

Sa pamamagitan ng pagbawas sa ating carbon footprint at basura, at pagyakap sa magkakaiba at mapagsamang kapaligiran sa trabaho, binubuo natin ang daan para sa mas sustinableng kinabukasan.

Pagkatapos tasahin ang mga prioridad ng ating stakeholders, naglunsad tayo ng pandaigdigang Programa sa Pagkamamamayan sa Korporasyong nakapokus sa:

- Epekto ng kapaligiran
- Kabutihang panlipunan
- Pamamahala – Halimbawa ang Kodigong ito sa ating lapit sa pamamahala. Mayroon tayong mga prinsipyo at patakaran ng pamamahalang nakatatag nang mabuti, kasama ang pandaigdigang programa sa Etika at Pagtalima.

Kadalasang tinutukoy ang tatlong prinsipyong ito bilang ESG.

Nangangalaga tayo.



Pagprotekta sa ating kapaligiran.

Ang TD SYNnex ay may bisyon para sa masigla, konektado sa isa't isang mundo na nakapokus sa pagprotekta ng kapaligiran.

Ating mga Inisyatiba sa Kapaligiran

Nanindigan tayo sa nakabase sa siyensiyang inisyatiba sa puntirya na Panata sa Ambisyon sa Negosyo at planong makamit ang net-zero na greenhouse gas emissions sa ating pandaigdigang operasyon sa 2045. Naninindigan tayo sa pagtatanim ng kultura ng pagkasustainable sa lahat ng ating organisasyon, pagpapababa sa ating pandaigdigang carbon footprint, pagtakda ng mga puntirya para sa ating pagbabawas ng emisyon, pagpapataas sa ating mga inisyatiba sa pagkasustainable at pagsuporta sa ating mga kostumer at vendor para gumawa ng katulad na mga pagpapahusay.

Gumagamit tayo ng mga prinsipyo ng circular economy at nakikipagtuwang sa stakeholders para kumpunihin, palitan at gamitin muli ang mga produkto ng IT para bawasan ang basura.

Iniuulat natin ang pagganap sa pagkasustainable ng kapaligiran sa pamamagitan ng CDP at nagpapadala tayo ng mga sistema sa pamamahala ng kapaligiran para matugunan ang internasyonal na mga pamantayan, tulad ng ISO 14001.

Magkakasamang nagkakabisa ang mga inisyatibang ito para tulungan tayong pababain ang ating epekto sa kapaligiran sa buong TD SYNnex.




GUSTO PANG MAS MALAMAN?

Para sa dagdag na detalye sa ating [Pagkamamamayan sa Korporasyon](#) na programa, pakibisita ang ating website.

Makagagawa ng mahusay na mga bagay sa teknolohiya sinuman.

Nakapagtayo ng mahusay na mga mapagkukunan ang ating pangkat sa Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay at Pagsasama-sama para sa ating pandaigdigang mga kasamahan sa trabaho, kasama ang affinity-focused na network ng Business Resource Groups (BRGs) na nagpapahintulot sa mga kasamahan sa trabahong magkaroon ng makahulugan at mapagsamang mga pakikipag-usap, ipagdiwang ang pagkakaiba sa kultura, at magpaunlad ng mga kasanayan para matugunan ang kanilang personal at propesyonal na mga layunin.



ELEVATE

Women's Resource Group




BEACON

Black Resource Group



FUERZA

Hispanic Resource Group



EMBRACE

Resource Group



RISE

API Resource Group



SPECTRUM

LGBTQ+ Resource Group



PATRIOTS

Veterans Resource Group

Pagkakaiba-iba, Pagkakapantay-pantay at Pagsasama-sama

Naniniwala kaming makagagawa ng mahusay na mga bagay sa pamamagitan ng teknolohiya sinuman – at “sinuman” ang mabisang salita. Nagsisimula ang paninindigan natin sa panlipunang responsibilidad sa ating mga kasamahan sa trabaho, tulad ng mababasa ninyo sa bandang huli ng Kodigong ito. Ipinagmamalaki nating nakilala tayo bilang mahusay na lugar ng trabaho at pinuno sa pagtataguyod at pagsasapraktika ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagsasama-sama. Pinapalawig natin ang paninindigang ito sa ating mga kasosyo sa negosyo at nagsisikap tayong bumuo ng magkakaibang pagtutuwang sa ating lokal na mga komunidad.

Bigayan sa Lipunan

Ikinararantal ng TD SYNEX sa buong kasaysayan nito ang pagkakaroon ng epekto sa lokal na mga komunidad. Ipinagpapatuloy natin ang paninindigang ito nang may pokus sa mga bata at edukasyon, kalusugan at kagalingan, at pagtulay sa digital divide. Nagbibigay tayo ng mga device, pagsasanay sa digital skills, internet connectivity at teknikal na suporta sa mga komunidad na hindi gaanong napagsisilbihan. Hinihikayat natin lahat ng ating kasamahan sa trabaho na magboluntaryo ng oras sa kanilang komunidad, at sa ating lokal na mga opisina ng pangsuportang kawanggawa at non-profit sa buong mundo.

Pahayag ng mga Karapatang Pantao

Naninindigan ang TD SYNEX sa pagtalima sa mga batas ng empleyado sa lahat ng bansa kung saan tayo may operasyon, kasama ang minimum na suweldo, mga tuntunin sa overtime at maximum na oras.

Naniniwala tayong dapat malayang piliin ang empleyo, at ipinagbabawal natin ang pagbebenta ng tao o pinilit, nakasangla o hindi kusang loob na paggawa. Hindi natin kukunsintihin ang pagpapariwara sa mga bata o pagtratrabaho ng bata.

Iginagalang din natin ang kalayaan ng indibidwal sa pakikipag-ugnayan. Malayang makipag-ugnayan ang ating mga kasamahan sa trabaho sa sinumang piliin nila. Puwede tayong magbuo ng mga unyon, kung nanaisin, para sa mga layunin ng kolektibong pakikipagtawaran at para magbahagi ng ating mga ideya o alalahanin sa pangasiwaan. Hindi natin kinukunsinti ang diskriminasyon, panliligalig o pagganti laban sa sinumang gumagamit ng kanilang karapatang sumali sa isang unyon.

GUSTO PANG MAS MALAMAN?




Bisitahin ang ating site para mas malaman ang tungkol sa ating paninindigan sa Mga Karapatang Pantao sa TD SYNEX.

Nagsisikap tayong maging pinipiling employer kung saan puwedeng lumago ang mga kasamahan sa trabaho.

Mayroon tayong lokal na mga patakaran at kasangkapan para tiyakin ang kaligtasan ng kasamahan sa trabaho sa lugar ng paggawa at hinihikayat nating magsalita ang mga kasamahan sa trabaho kung mayroon silang anumang alalahanin. Hindi natin kinukunsinti ang panliligalig, bullying o diskriminasyon sa anumang anyo.

Pinapahalagahan natin ang pagkakaiba at binibigyan natin ng prioridad ang pagsasama-sama sa ating trabaho. Lumilinang tayo ng mapagtiwala, mapagsamang kapaligiran kung saan tinatanggap lahat ng tao. Gumagawa tayo ng mapagpatiunang mga hakbang para matiyak na mararamdaman ng ating mga kasamahan sa trabaho at kasosyo sa negosyo na maginhawa, pinapahalagahan at binibigyang-kapangyarihan sila.

Kritikal ang negosyong ito. Kailangan natin ng magkakaibang mga kasanayan at perspektibo para maipagpatuloy ang tagumpay ng kumpanya.



**Nag-aalok tayo ng
ligtas, magalang
at mapagsamang
lugar ng paggawa.**

Oportunidad at Pagsasama

Pagbibigay ng Pantay na Oportunidad

Sinusunod ng TD SYNEX ang mga batas na nagbabawal ng diskriminasyon sa mga gawain sa pagtrabaho saan man tayo nagnenegosyo. Nagbibigay tayo ng pantay na mga oportunidad ng empleyo para sa lahat, at hindi natin trinatrato kailanman ang mga aplikante o kasamahan sa trabaho nang may anumang anyo ng labag sa batas na pagkiling.

Paglaban sa Panliligalig at Diskriminasyon

Walang sinuman sa TD SYNEX ang dapat isailalim sa diskriminasyon o panliligalig dahil sa kung sino sila bilang tao. Hindi natin pinapayagan ang pasalita o pisikal na mga kilos, email, video, litrato, biro o pasaring na nagbibigay sa ating mga kasamahan sa trabaho ng pakiramdam na naliligalig, nalalapastangan o hindi katanggap-tanggap. Lumalapat din ang inaasahang ito sa ating mga kasosyo sa negosyo at anumang kaganapan sa labas na dinadaluhan natin sa kurso ng ating negosyo.

Walang pagkunsinti.

Nagbibigay tayo ng makatwirang akomodasyon para sa kuwalipikadong mga kasamahan sa trabahong may kapansanan. Ipinagbabawal natin ang anumang anyo ng panliligalig o diskriminasyon sa batayan ng katayuang protektado ng batas, kasama ang:

Lahi	Edad
Kasarian (Sex)	Beteranong Katayuan
Pagkabuntis	Relihiyon o Paniniwala
Katayuan sa Pag-aasawa	Seksuwal na Oryentasyon
Kapansanan sa Pag-iisip	Etnisidad
Kulay	Pisikal na Kapansanan
Pagkakakilanlan ng Kasarian	Anumang ibang batayang protektado ng batas.
Pinagmulang Bansa	

TINGNAN ANG PATAKARAN



Tingnan ang ating [Patakarang Kontra-Diskriminasyon at Kontra-Panliligalig](#) sa Sentral na Patakarang para marebyu ang buong inaasahan at katanggap-tanggap na asal sa ating komunidad, kasama ang mga proteksiyon mo sa anumang uri ng panliligalig o diskriminasyon sa TD SYNEX.

Tindig laban sa hindi pagkapantay-pantay.

Nakatanim sa kultura ng TD SYNnex ang pagkakaiba at pagsasama. Lumilinang tayo ng isang mapagtiwalang kapaligiran kung saan tinatanggap lahat ng tao, at pinalalawig natin ang paninindigang iyan sa ating mga komunidad.

Dapat gumawa tayong lahat ng mapagpatiunang mga hakbang para matiyak na nararamdaman ng ating mga kasamahan sa trabaho at kasosyo sa negosyo na maginhawa, pinapahalagahan at binibigyang-kapangyarihan -- sa bawat sulok ng ating pandaigdigang bakas. Kinikilala natin na hindi lang mga salita ng pagdamay at pagbibigay-kapangyarihan natin ang mahalaga, kundi mas mahalaga, ang ating mga aksiyon.

EKSENA SA TUNAY NA BUHAY:



HUMINTO

Nagbiro ang manager mo sa isang pulong ng pangkat na ikinagalit ng ilang kasamahan mo sa trabaho. Sinabi nila sa iyo pagkaraan sa meryendahan na nasaktan sila sa sinabi, pero parang walang ideya ang manager mo.

Ano ang gagawin mo?



ISAALANG-ALANG

- Ano ang pagkakaiba ng masamang biro at nakagagalit na biro? Gaano pa kalayo para maging panliligalig o diskriminasyon ito?
- Lumalago ang TD SYNnex dahil sa ating magkakaiba, mapagsamang komunidad. Hindi natin mapapayagang sirain ng mga salita o kilos ang pakiramdam na iyan ng komunidad, at naninindigan tayo sa pag-uulat ng mga insidente at pagkilos kung kailangan.
- Sa eksenang ito, ang katotohanang nasaktan ang isang kasamahan sa trabaho ay sapat na para sa isang talakayan. Kung hindi ka kumportableng talakayin nang direkta ang sitwasyon sa iyong manager, magpaabot sa pinagtitiwalaang kasamahan sa trabaho sa HR o Tagapayo sa Etika para sa patnubay.



KUMILOS

Kung hindi mo sinasadyang napagalit ang isang kasamahan sa trabaho, huwag palubhain ang sitwasyon sa pagiging depensibo! Mahalaga ang intensiyon, pero gayon din ang epekto ng ating mga salita at kilos sa ibang tao. Tanggapin ang feedback at angkinin ito bilang oportunidad sa paglaki. Kailangan ng tapang ninuman para magbahagi ng kanilang punto de bista. Ipakita ang iyong tapang sa pamamagitan ng pakikinig at pag-iwas sa parehong mga pagkakamali sa hinaharap.

Ating Paninindigan sa Kaligtasan at Kalidad

Pinapanatili natin ang ating reputasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas, de-kalidad na mga produkto at serbisyo.

Lagi nating sinusunod ang mga prosesong de-kalidad at kahingian ng kaligtasan ng mga lokasyong pinagtrabahuhan natin. Tumatalima tayo sa lahat ng naayong pamantayan at regulasyon tungkol sa kaunlaran ng mga produkto at serbisyo, gayon din ang lahat ng batas at regulasyong dinisenyo para tiyakin ang kaligtasan sa ating mga lugar ng trabaho.

Pagbabawal sa Pag-abuso sa Substance

Nililimitahan ng pag-abuso sa substance ang kakayahan nating magtrabaho nang ligtas at inilalagay tayong lahat sa panganib. Hindi tayo maaaring magtrabaho kailanman kung lango sa alak, ilegal na droga at medikasyong ginamit nang mali na makasisira sa kakayahan nating kumilos nang ligtas. Kung naapektuhan ng legal na nakaresetang gamot ang iyong paghusga o oras ng reaksiyon, talakayin ang sitwasyon sa iyong superbisor o kinatawan ng Human Resources. Kung nagbigay ng alak sa isang event sa negosyo, lagi tayong mag-asal nang propesyonal.

Kinikilala ng kumpanya natin na nagagamot ang pag-abuso sa substance at mga problemang kaugnay ng alak, at makatutulong tayo sa pamamagitan ng kumpidensiyal na suporta. Mangyaring magtanong sa HR para mas malaman pa.

Pagpigil sa Karahasan

Hindi natin pinapayagan ang aktuwal o bantang karahasan laban sa mga kasamahan sa trabaho, bisita o sinumang nakikipagnegosyo sa TD SYNnex. Bawat banta ng karahasan ay seryoso at dapat iulat agad sa security, pangasiwaan o lokal na pulis, tulad ng naayon sa iyong lokasyon.



GUSTO PANG MAS MALAMAN?




Ang ating Life Empowerment Assistance Program (LEAP) ay nag-aalok ng nasa panahon, kuwalipikadong tulong at suporta para makatulong pangasiwaan lahat ng salimuot ng buhay, kasama ang pagpapayo sa pag-abuso sa substance. Puwedeng kontakin nang libre ang LEAP, 24 oras bawat araw, 7 araw sa isang linggo.

Sa TD SYNnex, may sinusunod tayong mga tuntunin.

Sinusunod natin ang batas saanman tayo nagnenegosyo, kasama ang lahat ng pamantayan at regulasyon.

Karagdagan sa pagsunod sa lahat ng kailangan sa batas, sinusunod natin ang lokal at pandaigdigang mga patakarang inilagay ng ating negosyo para matiyak ang pagtalima. Kung mas mahigpit ang lokal na batas kaysa sa mga patakarang ito, susundin natin ang lokal na batas. Kung sumasalungat sa ating mga patakaran ang gawain sa lokal na negosyo, susundin natin ang ating mga patakaran. Kung nagdududa kung mali ang isang aktibidad, humingi tayo ng patnubay.

Lumalapat sa lahat ang mga paninindigang ito, at anumang pagbubukod ay dapat aprubahan ng Lupon.



Sinusunod natin ang mga patakarang at batas.

Mga Import, Export at Regulasyon sa Kalakalan

Pandaigdigang kumpanya tayo. Ibig sabihin niyan kailangan tayong mag-ingat sa mga tuntunin at regulasyon na namamahala sa internasyonal na kalakalan.

May sariling batas at legal na kailangan para sa import at export ang karamihan ng mga bansa. Ang mga tuntuning ito sa pangkalahatan ay tumutukoy sa paglilipat ng mga produkto at serbisyo sa pagitan ng mga bansa, pero puwede ring kasama sa mga export ang pagbiyahe sa tawid-dagat nang may impormasyon ng kumpanya, pag-download ng software sa ibang bansa o pagpapalabas ng source code o teknikal na mga ispesipikasyon.

Bilang technology distributor na may pandaigdigang bakas, naninindigan tayo sa pagsunod sa mga regulasyon ng import at export sa lahat ng pagkakataon. Tumatalima tayo sa lahat ng mahalagang parusa at embargo.

EKSENA SA TUNAY NA BUHAY:



HUMINTO

Kabebenta mo pa lang ng isang mamahaling item sa bagong reseller sa isang banyagang bansa. Mayroong parehong pangmilitar at komersiyal na mga gamit ang item, at ipinapaliwanag ng Regulatoryong Pagtalima na kakailanganin natin ang lisensiya sa pag-export para makumpleto ang transaksyon. Nang tawagan mo ang reseller para humingi ng kailangang mga detalye, kinansela nila ang order. Kinabukasan, lumikha sila ng kawangis na order na may address ng padadalhan sa ibang bansa.



ISAALANG-ALANG

- Narito ang ating pangkat ng Regulatoryong Pagtalima para pahintulutan ang pagtalima sa ating internasyonal na mga kontrol sa export, mga regulasyon at batas sa pananalapi. Kapag sinabi nila sa ating kailangan ng lisensiya sa pag-export, kailangan nating makinig.
- Ang mga item na parehong may gamit na pangmilitar at komersiyal ay klasipikado bilang “dual-use items” ng mga pamahalaang tulad ng United States at madalas na sumasailalim sa mas mahigpit na mga kontrol sa export.
- Sa halimbawang ito, ang tiyempo at konteksto ng bagong utos ay babala. Matutulungan ka ng pangkat ng Regulatoryong Pagtalima na suriin ang sitwasyon at tumugon nang naaayon, pero parang itinatago ng reseller ang tunay na destinasyon sa pagtatangkang maiwasan ang kailangang papeles.



KUMILOS

Kung nakakakita tayo ng babala na pinapaikutan ng isang kasosyo sa negosyo ang internasyonal na mga batas o regulasyon sa kalakalan, iaakyat natin ang mga alalahanin agad-agad. Maaaring makasakit ang pagkawala ng benta, pero ang pagtulong sa isang kostumer na labagin ang mga batas o parusa sa kalakalan ay mas makasakit sa ating negosyo.

NAKATUTULONG NA MGA KONTAK



Puwedeng maging masalimuot ang batas ng internasyonal na kalakalan, pero ginagawang madali hanggang maaari ng ating pangkat ng Regulatoryong Pagtalima. Tingnan ang kanilang [page ng pangkat](#) para makahanap ng lokal na kontak tuwing kailangan mo ng suporta.

Pagpupuslit ng Pera

Minsan, sinusubukang magtago ng mga indibidwal o organisasyon ng ilegal na mga pondo o gawing magmukhang lehitimo ang mga ito. Tinatawag itong pagpupuslit ng pera.

Naninindigan tayo sa TD SYNnex sa pagsunod sa lahat ng batas na kontra sa pagpupuslit ng pera at terorismo.

Ang pakikipagtulungan sa mga iskema ng pagpupuslit ng pera ay puwedeng magresulta sa malaking sibil at kriminal na multa.

Para maiwasang maging walang muwang na kasangga, lagi nating binabantayan ang anumang babala, kasama ang:

- Mga kahilingang magbayad ng mas malaki sa pinagkasunduang presyo
- Mga pagbabayad mula sa di-karaniwang account
- Mga kahilingang magbayad sa ibang currency
- Mga kahilingang magbayad ng cash
- Mga pagbabayad mula sa ikatlong partidong walang kinalaman sa account



TINGNAN ANG PATAKARAN


Rebyuhin ang ating [patakarang Red Flag Determination](#) para maunawaan ang mga hakbang na inaasahang gawin ng mga kasamahan sa trabaho sa TD SYNnex para tukuyin at kilusan ang potensiyal na mga paglabag.

Sa TD SYNnex, kalamangan sa paligsahan ang integridad.

Naninindigan tayo sa pagiging tapat at tama sa lahat ng pagkakataon. Ginagawa natin ang tama, kahit hindi ito madali minsan.

Nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pagbuo ng tiwala sa mga ugnayan sa ating mga vendor at kostumer, at hindi tayo magtatago kailanman o magbibigay ng maling impormasyon para manipulahin ang ating mga kasosyo sa negosyo.

Nag-iingat din tayo kapag nagsasalita o kumikilos alang-alang sa TD SYNnex na awtorisado tayong gawin. Tinitiyak natin laging nakalinya ang ating mga salita at aksiyon sa ating mga patakaran, pagpapahalaga at hinihingi ng batas.



**Bumubuo tayo ng
tiwala sa ating
mga ugnayan
sa negosyo.**

Tamang mga Libro at Talaan ng Pananalapi

Puwede lang nating gamitin ang pondo ng kumpanya para sa awtorisadong mga layunin ng negosyo. Tinitiyak nating kumpleto, patas, tama, napapanahon at nauunawaan ang kailangang pagsisiwalat.

Hindi natin pinapalitan o minamali ang talaan ng pananalapi, pinapanatiling “wala sa libro” ang mga transaksyon, gumagamit ng pekeng mga transaksyon para itago ang maling asal. Ginagawa natin ang pinakamahusay natin para matiyak na dokumentado nang wasto ang ating mga transaksyon, at ibinibigay natin sa internal auditors, external auditors o mga opisyal ng gobyerno ang dokumentasyong iyon, ayon sa kailangan.

Mga Prinsipyo ng Accounting

Revenue man, gastos, pondo o rebate sa marketing, itinatala natin ang mga detalye at layunin para sa bawat transaksyon. Nakikipagtulungan ang ating Departamento ng Accounting sa ating mga kasamahan sa trabaho sa buong negosyo natin para matiyak na kumpleto, patas, tama, napapanahon at nauunawaan ang ating mga pagsisiwalat sa pananalapi. Magkakasama, pinapanatili natin ang pagtalima sa mga pamantayan ng accounting, batas, tuntunin at regulasyon na gumagabay sa accounting ng pananalapi at pag-uulat.

Tumutulong tayong lahat para tiyakin ang pagtalimang ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan ng U.S. GAAP, gayon din ang panloob na mga patakaran at proseso ng accounting na lumalapat sa ating trabaho.

Pirma ng Pahintulot

Para pangasiwaan ang panganib at bigyan ng kapangyarihan ang ating negosyo, ipinagkakatiwala natin ang partikular na mga tungkuling may responsibilidad na ipangako ang pondo ng kumpanya, pumasok sa mga kasunduan, o aprubahan ang mga gastos alang-alang sa organisasyon. Nagbabago-bago ang partikular na mga kailangan base sa uri ng aktibidad, halaga ng pananalapi at lokasyon. Nakadokumento ang mga antas ng detalyadong awtorisasyon sa ating Approval and Responsibility Matrix (ARM).



TINGNAN ANG PATAKARAN



Gamitin ang [ARM na Patnubay na Patakaran](#) para tingnan ang mahalagang mga kailangan sa awtorisasyon para sa iyong partikular na sitwasyon at magtanong sa iyong manager kung may mga pag-aalinlangan.

Pakikipagtuwang sa mga Vendor

Iginagalang natin ang mga patakaran at inaasahan ng ating mga kasosyo sa negosyo.

Kung mayroong pakiramdam na hindi tama, patiuna nating tinutugunan ang mga alalahanin natin.

Orihinal na Gumawa ng Kagamitan

Karaniwang simple ang tungkulin natin sa supply chain. Bumibili tayo ng mga produkto nang direkta mula sa orihinal na gumawa, at ibinebenta natin nang direkta sa mga reseller. Sa ilang sitwasyon (hindi kasama ang Hyve), bumibili tayo ng mga produkto mula sa ibang mapagkukunan o ibinebenta ang mga produkto sa sub-distributors nang lubos na nakikita.

TINGNAN ANG PATAKARAN



Mangyaring sumangguni sa [Patakaran sa Beripikadong Supplier](#) para sa dagdag na impormasyon.



Pondo ng Vendor sa Marketing

Ginagamit lang natin ang Pondo sa Pagpapaunlad sa Marketing para sa kanilang sadyang layunin at sumasang-ayon tayong gamitin ang pondo para sa lehitimo, naayon sa batas, dokumentadong mabuti, inaprubahan ng vendor na mga transaksyon. Maaaring pera ito ng vendor pero sa sandaling dumaan na sa atin, responsibilidad na nating subaybayan at ayusin.

Kinukumpirma nating ang pinagkasunduang mga serbisyo ay naisagawa muna bago bayaran ang invoice. Kung meron tayong mga duda o alalahanin, sinasabi natin sa vendor at sa ating panloob na pangkat sa Marketing.

TINGNAN ANG PATAKARAN



Matatagpuan ang buong detalye sa [Patakaran sa Pondo sa Pagpapaunlad ng Pandaigdigang Marketing](#).

GUSTO PANG MAS MALAMAN?



Meron din tayong etikal na inaasahan sa mga vendor at supplier sa kasosyo natin. Tingnan ang ating [Mga Prinsipyo ng Integridad ng Supplier](#) para mas matutunan.

Pakikipagsosyo sa Ikatlong mga Partido

Ang asal ng mga ikatlong partidong katransaksiyon natin sa ating negosyo ay sumasalamin din sa atin.

Ang ikatlong partido ay puwedeng sinumang kumpanya o indibidwal na nagbibigay ng produkto o serbisyo nang direkta sa TD SYNEX o sa ating mga kostumer o vendor alang-alang sa atin. Nagsasagawa tayo ng due diligence para matiyak na anumang perang ibinabayad natin sa ikatlong partido ay hindi nagagamit kailanman sa panloloko, panunuhol o katiwalian.

Hindi natin papayagan kailanman ang ikatlong partidong gumawa ng anumang isasagawa alang-alang sa atin na hindi papahintulutan ng ating mga patakaran at pagpapahalaga na gawin natin mismo.

EKSENA SA TUNAY NA BUHAY:



HUMINTO

Kailangan mong makipagtransaksiyon sa isang tagapagbigay ng serbisyo para magbigay ng mga serbisyo sa pag-instila para sa isang end user. Inirerekomenda ng isang mahalagang kasosyo sa negosyo na gumamit tayo ng partikular na tagapagbigay, pero alam mo ang market, at napansin mong mas mahal ang singil nila kesa karaniwan. Ayaw rin nilang mangakong magbibigay ng patunay ng pagsasagawa pagkatapos ng trabaho. Ano ang gagawin mo?



ISAALANG-ALANG

Kapag nakipagtransaksiyon tayo sa ikatlong partido para magsagawa ng serbisyo alang-alang sa atin, puwede tayong panagutin para sa kanilang asal. Ang di-karaniwang mataas na gastos ay puwedeng palatandaan ng suhol o kupit. Magkakaroon ito ng seryosong mga kahihinatnan para sa atin, kahit hindi natin alam ang suhulan. Bago makipagtrabaho sa sinumang ikatlong partido, dapat nating:

- Kumpirmahing lehitimong negosyo silang may track record ng pagsasagawa ng katulad na mga serbisyo at tingnan kung tama ang kanilang mga gastos at dokumentasyon.
- Sundin ang ating panloob na mga tuntunin -- kasama ang mahalagang mga patakaran sa pagsasala at pagsisimula -- para matiyak na natutugunan ng ikatlong partido ang ating mga pamantayan sa etika, pagtalima, seguridad ng IT at pagkapribado ng datos.
- Kumuha ng patunay ng pagsasagawa para matiyak na naihatid ang inaasahang mga serbisyo, bago tayo magbayad.
- Tiyaking mayroon tayong sapat na dokumentasyon, kasama ang detalyadong invoice.



KUMILOS

Maaaring ayos lang makipagtransaksiyon sa ikatlong partidong nakalarawan sa eksenang ito, pero kung makukumpirma lang natin kung bakit mataas ang gastos at paano idodokumento ang trabaho. Hindi natin magagamit ang ikatlong partidong ito hanggang hindi natutugunan ang mga kondisyong iyon. Kung meron ka mang mga duda o tanong, magpaabot sa ating Etika at Pagtalima.

GUSTO PANG MAS MALAMAN?



Tingnan ang ating [Pamamahala sa Ikatlong Partidong toolkit](#) para mas malaman.

Pagsasalita Alang-alang sa TD SYNnex

Maingat tayo kapag katrabaho ang ating mga kasosyo sa negosyo, pagdalo sa pampublikong mga event o pag-post sa social media, na hindi salaminin kailanman nang negatibo ng ating mga salita at kilos ang TD SYNnex. Tinitiyak nating mapagsama, etikal at propesyonal ang ating mga salita at kilos.



TINGNAN ANG
PATAKARAN



Tingnan ang ating [Patakaran sa Social Media](#) para mas matutunan.

Awtorisadong mga Tagapagsalita

Tanging nakatalagang mga tagapagsalita ang aprubadong tumugon o makipag-usap sa mga partidong tagalabas. Tumutulong itong makaiwas na makuha ang mga salita natin nang wala sa tamang konteksto ng media at iba pang panlabas na organisasyon.

- Ang mga kahilingan mula sa media o para sa iba pang uri ng panlabas na publikasyon ay dapat ipadala sa Manager ng Pandaigdigang Pakikipag-ugnayan sa Publiko sa Departamento ng Komunikasyon ng Korporasyon para sa suporta.
- Ang mga kahilingan mula sa mga tagasuri ng pananalapi at shareholders ay dapat idirekta sa Mga Ugnayan sa Investor.

Social Media

Kapag nakikipag-usap sa social media, puwedeng sumalamin sa TD SYNnex ang ating mga post. Nakikipag-usap man nang paloob o palabas, dapat tayong maging magalang at mapagsama sa lahat ng pagkakataon, at hindi tayo dapat magpasimula ng komunikasyong lumalabag sa ating mga pagpapahalaga at patakaran. Dapat din nating ingatang huwag magbunyag ng kumpidensiyal na impormasyon kailanman.

Hindi tayo gumagawa ng kilos na hindi patas na nakasisira sa ating kumpanya, kostumer, supplier, shareholder o kapwa kasamahang manggagawa.

Bilang kumpanyang nangangalakal sa publiko, may paninindigan tayo sa ating mga shareholder na magsagawa ng negosyo nang episyente at etikal.

Hindi natin pinapayagan ang pagnanakaw o pagsasayang ng mga mapagkukunan ng kumpanya. Hindi natin inaalisan ng anumang oportunidad na natuklasan sa pamamagitan ng ating trabaho sa TD SYNnex ang ating kumpanya. Hindi natin inaabuso ang ating posisyon para sa personal na ganansiya, at hindi tayo nakikipagkumpitensiya sa ating kumpanya sa anumang paraan.

Nag-iingat din tayo sa pagsasalita o pagkilos alang-alang sa TD SYNnex na kumikilos lang tayo alinsunod sa ating mga patakaran, pagpapahalaga at kailangan sa batas.



Ating iginagalang ang ating shareholders at resources.

Salungatan ng Interes

Dapat tayong maging bukas at nakikita tungkol sa anumang bagay na makapipigil sa ating gawin ang mga pasya sa pinakamahusay na interes ng TD SYNnex.

Kahit hindi natin kilusan ang isang potensiyal na salungatan, ang pag-aakala lang ng salungatan ng interes ay puwedeng maging mapanganib kung hindi isiniwalat at maayos na napangasiwaan.

Kaya kailangan nating patiunang isiwalat anumang interes sa pananalapi, personal na mga ugnayan, mga oportunidad sa labas o pangalawang trabaho na puwedeng magmistulang nakakaimpluwensiya sa ating pagpapasya o umepekto sa ating pagganap sa TD SYNnex.

Hindi natin matatanggap ang kompensasyon sa anumang anyo mula sa isang kakumpitensiya, vendor o kostumer habang empleyado ng TD SYNnex.

EKSENA SA TUNAY NA BUHAY:



HUMINTO

Kailangan mong punuan ang isang bakanteng posisyon sa iyong pangkat at mahalaga ang tamang kasanayan at karanasan. Kabutihang palad, kilala mo ang perpektong kandidato at nagkataong naghahanap siya ng bagong trabaho. Maraming taon ang karanasan niya at makapagsisimula agad ng trabaho sa unang araw. Isa lang ang problema... hipag mo siya. Magagawa mo ba ang paghirang?



ISAALANG-ALANG

Kailangan naming tulungan kang pangasiwaan ang mga salungatan ng interes sa lalong madaling panahon. Huminto at magsiwalat kung:

- Puwede kang magdulot sa TD SYNnex ng pakikipagtransaksiyon sa negosyo sa mga kamag-anak o kaibigan.
- Puwede kang mag-alok ng hindi patas na kalamangan sa isang kasamahan sa trabaho o indibidwal na kasosyo sa negosyo bilang resulta ng inyong personal na ugnayan, o puwede silang magbigay sa iyo ng hindi patas na kalamangan.
- Pinag-iisipan mo ang pagtratrabaho sa labas na puwedeng makasira sa pagganap mo sa TD SYNnex o mapag-isipang kakumpitensiya natin.
- Ikaw o isang kasapi ng pamilya ang mayroong higit sa katamtamang interes sa pananalapi sa mga vendor, kliyente o kakumpitensiya ng ating kumpanya, o inaalok ka ng hindi karaniwang benepisyo o ganansiya mula sa sinumang kasosyo natin.



KUMILOS

Bilang hiring manager, nasa posisyon kang mag-alok sa iyong hipag ng hindi patas na kalamangan. Dapat mong isiwalat ang salungatan, pero hindi ibig sabihin niyan na hindi natin siya mahihirang kung siya ang pinakamahusay na kandidato para sa tungkulin. Kadalasang nareresolba ang potensiyal na mga salungatan sa sandaling ibinukas ang mga ito. Pinapahintulutan tayo ng maagang pagsisiwalat na matugunan ang potensiyal na mga salungatan bago pa makaapekto ang mga ito sa ating trabaho o reputasyon. Maaari kaming makipagtulungan sa iyong baguhin ang mga linya ng pag-uulat sa kasong ito o ilipat ang desisyon sa paghirang sa ibang tao. Kung magsisiwalat ka, mabibigyan ka namin ng kapayapaan ng isipan!

TINGNAN ANG PATAKARAN



Ang pagkabigong isiwalat ang potensiyal na salungatan ng interes ay isang paglabag sa Kodigong ito. Gamitin ang ating interactive na [Modyul ng Salungatan ng Interes](#) para magsiwalat ngayon, o bisitahin ang buong [Patakaran sa Salungatan ng Interes](#) para mas alamin.

Kumpidensiyal na Impormasyon

Kalakalan sa Loob

Meron tayo minsan access sa materyal na impormasyong hindi pampubliko tungkol sa ating kumpanya o ibang kumpanyang kanegosyo natin. Hindi tayo puwedeng bumili o magbenta ng securities ng ating kumpanya o iba pang kumpanya batay sa materyal na impormasyong hindi pampubliko. Anumang impormasyong maaaring ituring ng isang makatwirang investor na mahalaga sa pagpapasya kung bibili, hahawakan o magbebenta ng securities ng isang kumpanya ay itinuturing na materyal. Kapag nagbigay ka ng “tip” sa sinuman na bumili o nagbenta pagkaraan ng securities batay sa materyal na impormasyong hindi pampublikong natanggap galing sa iyo, pareho kayong puwedeng mahatulan ng kalakalan sa loob. Ang mga paglabag na kalakalan sa loob ay puwedeng magresulta sa pagkawala ng trabaho, gayon din ang mga parusa at multang sibil at kriminal.

Intelektuwal na Pag-aari (IP)

Pinapangalagaan natin ang ating IP at ang IP ng ating mga kasosyo sa negosyo. Pag-aari ng TD SYNnex ang IP na nalikha kaugnay ng ating negosyo, sa hangganang pinapahintulutan ng batas. Kailangan nating mag-ingat kapag gumagamit ng IP, tulad ng mga pangalan o logo ng kumpanya, na puwedeng manghimasok sa mga karapatan ng may-ari. Lumalapat din sa software ang mga karapatan sa IP. Sinusunod natin ang mga kasunduan sa paglisensiya kapag gumagamit ng ikatlong partidong software, at gumagamit lang tayo ng software na wastong nalisensiyahan ng TD SYNnex.



Kumpidensiyal na Impormasyon

Hindi tayo gumagamit ng impormasyong hindi pampubliko para sa personal na ganansiya ng ating sarili, mga kamag-anak o kaibigan. Hindi tayo nagsisiwalat ng anumang kumpidensiyal na impormasyong maaaring makasira sa malayang kompetisyon o lumabag sa tiwala ng ating mga kasosyo sa negosyo. Maaaring kasama rito ang:

- Mga sikreto ng kalakalan
- Mga resulta ng pananalapi
- Mga plano sa pagpresyo
- Mga listahan ng kostumer
- Mga numero ng bentahan
- Mga dokumento ng estratehiya
- Bagong mga produkto o pananaliksik
- Mga depekto, pagbawi o modipikasyon ng produkto
- Mayor na mga pagbabago sa pamunuan
- Nakabimbing pagkabangkarote o mga suliranin sa pananalapi
- Mga pagsasanib at pagbili
- Mahalagang paglilitis

Kapag pinagkatiwalaan tayo ng kumpidensiyal na impormasyon, gumagawa tayo ng mga hakbang na panatiliin itong kumpidensiyal.

- Hindi natin tinatalakay ang kumpidensiyal na impormasyon kung saan maaaring may makarinig.
- Hindi natin hinahayaang nakatiwangwang ang kumpidensiyal na impormasyon.
- Hindi tayo nagpopost kailanman ng kumpidensiyal na impormasyon sa social media o panlabas na mga site.
- Hindi tayo nagbabahagi kailanman ng kumpidensiyal na impormasyon sa sinumang nasa labas ng TD SYNnex maliban kung awtorisado.

Kung awtorisado tayong magsiwalat ng kumpidensiyal na impormasyon sa ikatlong partido para sa lehitimong pangangailangan sa negosyo, hinihiling natin lagi na magkaroon muna ng isinagawang kasunduan sa hindi pagsisiwalat (NDA). Hindi natin tinatanggap ang NDA ng iba kumpanya o tinatanggap ang mga pagbabago sa sarili natin nang walang pag-apruba mula sa Departamento ng Legal.

Nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pag-aalok ng mahusay na serbisyo at patas na mga termino sa isang bukas na marketplace, at hindi tayo maghahangad na makinabang sa hindi patas na kalamangan.

Hindi tayo nakikipagkasundo sa panunuhol o katiwalian sa anumang paraan. Naiimpluwensiyahan din ng paninindigang ito kung paano tayo tumatanggap at nagbibigay ng mga regalo sa isang organisasyon.

Hindi tayo pumapasok sa anumang aktibidad na puwedeng makabawas sa malayang kompetisyon o makasira sa konsyumer. Hindi tayo gumagamit ng kumpidensiyal na impormasyon para sa personal na ganansiya, at hindi tayo nagsisiwalat ng impormasyong puwedeng makabawas sa kompetisyon o lumabag sa tiwala ng ating mga kasosyo sa negosyo.

Sinusunod natin ang lumalapat na mga batas sa antitrust at kompetisyon at mga batas na nagbabawal sa kalakalan sa loob.



**Ating
niyayakap ang
malaya at patas
na kompetisyon.**

Kontra Panunuhol at Kontra Katiwalian

Kontra Panunuhol at Kontra Katiwalian

Lumalapat ang mga batas na kontra panunuhol, tulad ng U.S. Foreign Corrupt Practices Act at UK Bribery Act, saan man tayo nagnenegosyo. Sinusunod natin ang mga batas na ito sa pamamagitan ng hindi kailanman pagbibigay, pagtanggap o panghihingi ng anumang uri ng suhol, ano pa man ang lokal na batas o kinagawian. At hindi tayo hihirang ng ikatlong partido para gawin ang bagay na hindi natin kayang gawin nang etikal o legal. Kung hilingin sa ating magbayad ng suhol, tatanggi tayo at aalertuhin agad-agad ang Legal na Departamento ng TD SYNnex.

Mga Opisyal ng Gobyerno

Kailangan nating maging dagdag na maingat kapag katrabaho ang mga opisyal ng gobyerno para maiwasan ang anumang hitsura ng katiwalian. Susundin natin lahat ng lokal na batas at magkakaroon tayo ng sariling mga limitasyon at proseso ng pag-apruba para sa anumang pakundangan na ibinibigay sa mga opisyal ng gobyerno. Tingnan ang seksiyon ng Mga Opisyal ng Gobyerno sa ating patakaran sa Mga Regalo at Libangan ng TD SYNnex para marebyu ang lahat ng kailangan.

Ano ang suhol?

Nangyayari ang suhol kapag ang isang bagay na may halaga ay inialok o nakipagpalitan para makakuha ng hindi patas na kalamangan. Ang isang bagay na may halaga ay puwedeng anumang pinapahalagahan ng tatanggap, kasama ang:

Kabayarang pera	Regalo
Gift card o katumbas na pera	Libangan
Donasyon sa kawanggawa	Alok na trabaho
Putang	Kumpidensiyal na impormasyon
Gastos sa pagbiyahe	

Kung inialok ito o ibinigay nang may sadya o layon na makakuha ng hindi wastong kalamangan sa negosyo, isa itong suhol. Hindi natin kinukunsinti ang panunuhol sa anumang anyo. Hindi tayo gagawa kailanman ng maling mga pagbabayad alang-alang sa kumpanya o papahintulutan sinumang gumawa ng panunuhol para sa atin. Hindi tayo tatanggap ng anumang uri ng suhol.

Ipinagbabawal din natin ang:

Kupit: Pagsosoli ng kabuuang halagang naibayad na o ibabayad bilang gantimpala sa paggawa o pagpapatibay ng negosyo.

Mga Kabayaran sa Pagpapabilis: Mga bayarin o kabayaran sa isang opisyal ng gobyerno para pabilisin ang form o proseso ng gobyerno.

Hindi lumalapat ang mga paghihigpit sa itaas sa rebate na naaprubahan at nadokumento nang wasto o mga programa sa diskuwento o bayad sa opisyal ng gobyernong may lehitimong resibo.

GUSTO PANG MAS MALAMAN?



Tingnan ang aming buong [Patakaran Kontra Panunuhol at Kontra Katiwalian](#) para mas matutunan.

Nagtataka kung sino ang mahalaga bilang opisyal ng gobyerno? Bisitahin ang ating [Mga Opisyal ng Gobyerno na Toolkit](#) para kumpirmahin kung sino ang naglalapat at nagrebyu ng espesyal na mga hakbang na dapat gawin kapag katrabaho ang mga indibidwal na ito.

Mga Regalo at Libangan

Nililibang minsan ng mga kumpanya ang mga kasosyo sa negosyo o nagbibigay ng maliit na regalang pangnegosyo para magbuo o magpatibay ng ugnayan sa trabaho.

Gumagamit tayo ng mahusay na paghusga, diskresyon at moderasyon sa mga sitwasyong ito. Hindi akma ang pagbibigay ng mga regalo o libangan kung sa paggawa nito ay magmumukha tayong may pagkiling o tinatangka nating impluwensiyahan ang pasya sa negosyo. Dapat din tayong huminto sa pagbibigay ng anumang regalo o libangan na puwedeng matingnan na hindi akma o hindi etikal.

Karaniwang OK

Karaniwang ayos lang ang murang mga regalang pangnegosyo, hanggang hindi ibinigay ang mga ito sa maling dahilan o sa hindi akma pang panahon. Karaniwan ding ayos lang ang libangan, hanggang wala roon ang nagbigay, makatwiran ang halaga, at akma para sa trabaho ang event at walang puwang sa talakayan sa negosyo. Hindi tayo puwedeng manghingi ng libangan o magbigay ng libangang ibinigay ng ating mga kasosyo sa negosyo. Makipag-usap sa iyong manager at sa ating pangkat ng Etika at Pagtalima kung may mga alinlangan o tanong ka.

- Promo items
- Mga bulaklak
- Pagkain
- Makatwirang mga pagkain
- Mura, madaling makuhang mga event o palabas.
- Lokal na mga kumperensiya at event sa marketing na may katamtamang presyo sa pintuan

Lumalapat pa rin ang sentido komun. Kung nagdududa, tingnan nang makalawa o kumuha muna ng pag-apruba, kahit nakalista ito sa itaas.

Hindi kailanman OK

- Pera
- Gift card
- Mamahaling regalo
- Malaswa o nakakainsultong regalo
- Bakasyon
- Maluhong mga pagkain
- Pandaigdigang sporting events o sold-out na mga palabas
- Paghingi ng regalo o libangan



TINGNAN ANG PATAKARAN



Nagtatag tayo ng Taunang Limitasyon sa Regalo para sa pagbibigay at pagtanggap ng mga regalang pangnegosyo, kasama ang mababang mga limitasyon at mas mahigpit na proseso ng pag-apruba para sa mga opisyal ng gobyerno. Gamitin ang ating interactive na [Modyul ng mga Regalo at Libangan](#) para makahanap ng patnubay sa partikular na sitwasyon, o bisitahin ang buong [Patakaran sa Mga Regalo at Libangan](#) para mas malaman.

Batas ng Antitrust at Kompetisyon

Sinusunod natin ang mga batas sa antitrust at kompetisyon saan man tayo nagnenegosyo, at hindi tayo pumapayag kailanman sa anumang gawaing makababawas sa malayang kompetisyon o makasisira sa konsyumer.

Ibig sabihin nito, hindi natin tinatalakay kailanman ang mga estratehiya sa merkado, kostumer, suweldo ng empleyado o mga presyo sa ating mga kakumpitensiya. Sa parehong prinsipyo, hindi natin aayusin o papayagan ang hindi direktang pagbahagi ng mapagkumpitensiyang impormasyon -- tulad ng mga listahan ng kostumer, presyo, palugit o bid -- sa pagitan ng mga magkakumpitensiya. Hindi tayo pumapasok sa magkasamang pag-uugali sa ating mga kakumpitensiya tungo sa kostumer o vendor.

Hindi natin ginagamit kailanman ang ating mga ugnayan sa merkado para artipisyal na panatilihin o itaas ang presyo, at malaya tayong nagtatakda ng sarili nating presyo sa muling pagbebenta.

EKSENA SA TUNAY NA BUHAY:



HUMINTO

Lagi tayong ibinebenta ng ilang kakumpitensiya. Isang kasamahan sa trabaho ang nagmumungkahi na mag-email ka sa iyong kontak sa vendor at hilingin na kausapin ang kakumpitensiya at tumulong sa digma ng presyo. Ano ang gagawin mo?



ISAALANG-ALANG

Puwedeng tingnan ang email na ito bilang hindi direktang pag-aayos ng presyo. Puwede itong magpasimula ng imbestigasyon sa antitrust at magkaroon ng seryosong mga kahihinatnan. Kapag nakikipag-usap sa isang vendor o kostumer, itanong sa sarili:

- Makikita ba ito bilang direkta o hindi direktang pagtatangka na pumayag sa mga presyo at termino o iayon ang pagsasagawa ng merkado sa pagitan ng mga magkakumpitensiya?
- Makikita ba ito bilang pagtatangkang ibahagi ang kumpidensiyal na impormasyon sa pagitan ng mga magkakumpitensiya?
- Makikita ba ito bilang pagtatangkang ayusin o pakialaman ang presyo sa muling pagbebenta ng mga produkto o serbisyo?
- Makikita ba ito bilang pagtatangkang limitahan ang kompetisyon sa ikatatalo ng dulong kostumer?



KUMILOS

Sa kasong ito, dapat kang huminto sa pagpapadala ng email. Kapag nagtangka sinumang makipag-usap sa iyo na nagpapakita ng mga babala sa itaas, huwag lumahok! Ipahayag ang paninindigan mo sa sumusunod na mga batas sa antitrust at huminto agad sa pakikipag-usap. Kung nangyari ito sa isang email, siguraduhing naka-save ang sagot mo sa mga sistema ng TD SYNnex. Kung nangyari ito sa isang pulong, umalis kung nagpapatuloy ang talakayan at hilinging itala sa rekord ng pulong ang pag-alis mo. Iulat agad sa Departamento ng Legal para sa dagdag na suporta.

TINGNAN ANG PATAKARAN




Puwedeng maging masalimuot ang batas sa antitrust, pero naibuod natin ang pinakamahalagang mga punto para sa ating negosyo para makalikha ng limang ginintuang tuntunin para sa pag-uugaling tumatalima sa antitrust sa TD SYNnex. Tingnan ang buong [Patakaran sa Batas sa Antitrust at Kompetisyon](#) para mas malaman.

Pinapahalagahan natin ang pagkapribado ng ating mga kasamahan sa trabaho at kasosyo sa negosyo sa pamamagitan ng paggawa ng akmang mga hakbang sa pangangalaga kapag nangongolekta, nag-iimbak, o gumagamit o nagbabahagi ng personal na datos.

Hindi tayo kumokolekta ng datos na higit sa kailangan para magawa ang ating layunin sa negosyo, at itinatapon natin nang responsable ang personal na datos kung hindi na ito kailangan. Sinusunod natin ang mga patakaran at kahingian ng IT para matiyak na naitago nang ligtas ang personal na datos, at nag-iingat tayo para tiyaking ibinabahagi ang personal na datos sa awtorisadong mga partido lang gamit ang ligtas na mga paraan.

Sumusunod tayo sa naaayong mga batas sa pagkapribado ng datos saanman tayo nagnenegosyo at ginagamit ang personal na datos nang may kaukulang pahintulot.



Tayo ay nagpapanatili ng personal na pagkapribado.

Personal na Datos

Pangangasiwa ng mga Rekord

Hinihiling sa atin ng mga batas at mabuting gawain sa negosyo na itago ang ilang pisikal at elektronikong dokumentasyon sa partikular na panahon. Hinihiling din sa atin na panatilihin ang anumang rekord na kaugnay ng nakabimbin o inaasahan sa paglilitis, imbestigasyon o audit. Ang pagtatago ng mga rekord ng negosyo nang mas matagal sa kailangan, gayon man, ay gumagawa ng hindi kailangang gastos at pinipigilan ang episyenteng pagkuha at access sa mahalagang impormasyon. Binabalanse natin ang mga pangangailangang ito sa pamamagitan ng sumusunod na mga patakaran at pamamaraan para sa pagpapanatili at ligtas na pagsira ng mga rekord ng negosyong lumalapat sa ating trabaho.

Pagproseso ng Personal na Datos

Ipinagkakatiwala sa atin ng ating mga kasamahan sa trabaho at kasosyo sa negosyo ang kanilang personal na datos. Sinusuklian natin ang tiwalang ito ng pangangalaga sa kanilang personal na impormasyon. Tingnan ang ating Patakaran sa Pagproseso ng Personal na Datos para rebyuhin ang mga hakbang na dapat mong gawin kapag nangongolekta, nagtatago, gumagamit o nagbabahagi ng personal na datos para panatilihin ang ligtas ang datos at matugunan ang ating legal na mga kahingian.

Ano ang puwede kong gawin para pangalagaan ang personal na datos?

Sundin ang sumusunod na mga esensiyal ng pagkapribado para makatulong pangalagaan ang personal na datos sa TD SYNnex:

- Kolektahin o gamitin lang ang personal na impormasyong kailangan at awtorisado para sa pagganap ng ating tungkulin.
- Huwag isiwalat ang personal na impormasyon nang walang pahintulot at lehitimong pangangailangan sa negosyo.
- Gawin ang mga hakbang na kailangan para mapanatili ang kumpidensiyalidad at seguridad ng personal na impormasyon.
- Maingat na piliin ang ikatlong partidong pinagtitiwalaan natin para iproseso o puntahan ang personal na impormasyon. Magtatag ng akmang mga kontrata sa mga ikatlong partidong iyon.
- Ilipat ang personal na impormasyon sa awtorisadong ikatlong partido lang sa pamamagitan ng ligtas na mga paraan.
- Sirain o burahin ang mga talaang naglalaman ng personal na datos kapag hindi na kailangan alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng kumpanya.

NAKATUTULONG NA MGA KONTAK



Puwedeng maging kumplikado ang pagprotekta sa personal na impormasyon, pero narito kami para tulungan ka kung may mga tanong ka. Maaabot ang Pangkat sa Pandaigdigang Pagkapribado sa privacy@tdsynnex.com.

TINGNAN ANG PATAKARAN



Iulat anumang hinihinala o alam na insidente na maaaring magkompromiso sa kumpidensiyalidad, integridad o pagkakaroon ng personal na impormasyon agad-agad sa pamamagitan ng pagsunod sa ating proseso ng [Pag-uulat ng Alalahanin](#).

Alam nating inaasahan tayo ng ating mga kasosyo sa negosyo na tulungan silang gawing ligtas ang kanilang mga sistema at asset ng IT, at sineseryoso natin ang responsibilidad na iyan.

Sinusunod natin ang pinakamahusay na mga gawain at internasyonal na pamantayan sa cybersecurity. Ipinapatupad natin ang mahigpit na mga pamantayan sa IT para makamit ang kumpidensiyalidad, integridad at pagkakaroon ng impormasyon. Regular na sinasanay ang ating mga kasamahan sa trabaho na sundin ang ating mga patakaran at pinakamahusay na mga gawain sa pagkapribado, cybersecurity at katanggap-tanggap na paggamit sa IT.

Idinidisenyo natin ang ating mga sistema at patakaran ng IT para magbigay ng ligtas at secure na paggamit ng impormasyon ng TD SYNnex, at pinapalawig natin ang pinakamahusay na gawaing ito sa ating nakasuportang mga kasosyo.



Tayo ay ginagawang prioridad ang cybersecurity.

Seguridad

Indibidwal na Responsibilidad

Ang mga panganib sa cyber tulad ng panloloko, ransomware at data breaches ay puwedeng magkompromiso sa ating kalusugan sa pananalapi at reputasyon. Habang lagi nating pinapahusay ang ating teknikal na mga pagsawata, umaasa rin tayo sa indibidwal na kamalayan para protektahan ang ating kumpanya. Dapat aktibong lumahok ang mga kasamahan sa trabaho sa Programa ng Kaalaman sa Seguridad sa pamamagitan ng pagtukoy sa simulated phishing na mga ehersisyo at pagkumpleto sa lahat ng kailangang pagsasanay.

Katanggap-tanggap na Paggamit

Ginagamit lang natin nang responsable ang mga kasangkapan at sistema ng TD SYNEX.

- Hindi natin ginagamit kailanman ang ating mga mapagkukunan sa IT para sa anumang hindi legal o hindi etikal.
- Hindi tayo pumupunta sa anumang bagay na maituturing na malaswa, hindi disente o opensiba.
- Hindi tayo nagda-download ng software na walang lisensiya.

Hinahawakan natin ang karapatang magmonitor at maghigpit sa paggamit ng mga sistema ng TD SYNEX sa hangganang pinapayagan ng batas.



Ano ang puwede kong gawin para panatilihin ang ating cybersecurity?

Sundin ang mga esensiyal ng cybersecurity na ito para makatulong panatilihin ang seguridad ng ating mga sistema ng IT:

- **Panatilihin magkahiwalay ang ating pangtrabaho at personal na digital na mga pagkakakilanlan.** Hindi natin ginagamit ang ating email address sa TD SYNEX para sa personal na mga account, at ginagamit lang natin ang mga kasangkapang aprubado ng TD SYNEX kapag nagsasagawa ng negosyo ng kumpanya.
- **Tingnan muna bago tumugon sa kahina-hinalang mga email, tawag sa telepono, mensaheng text o iba pang komunikasyon.**
- **Ang phishing ay isa sa pinakamalaking banta sa ating programa sa cybersecurity.** Kung naghihinala tayo ng phishing sa email, potensiyal na paglabag sa datos o anumang banta sa cyber, dapat nating alertuhin agad ang ating Sentro ng Depensa Sa Cyber, na tutugon nang akma.
- **Mag-ingat sa pagpapadala o pagtanggap ng elektronikong mga rekord.** Pinakakaraniwang uri ng insidente sa seguridad ang aksidenteng pagbahagi ng impormasyon sa maling tao. Makalawang tingnan kung naaayon lahat ng tatanggap bago magpadala.
- **Huwag magtago ng kumpidensiyal na impormasyon sa labas ng TD SYNEX.** Dapat manatili ang impormasyon sa sistemang aprubado ng TD SYNEX. Kung mayroon kang pangangailangang magbahagi ng impormasyon sa panlabas na sistema, konsultahin ang Pangkat sa Seguridad ng IT para sa pag-apruba.
- **Gumamit ng kailangang pangangalaga kapag gumagawa ng wire transfer o nagpapalit ng impormasyon ng account.** Laging sundin lahat ng patakaran at pamamaraan ng TD SYNEX kapag nagsasagawa ng anumang anyo ng elektronikong transaksyon.

TINGNAN ANG PATAKARAN



Tingnan ang ating [Patakaran sa Cybersecurity at Katanggap-tanggap na Paggamit](#) para sa higit na detalyadong pagtingin sa responsableng pag-iingat na dapat nating gawin habang nagtrabaho sa mga sistema o datos ng TD SYNEX.



“Sa pamamagitan ng pagnenegosyo sa tamang paraan, binubuo natin ang tiwala ng ating mga kasosyo sa negosyo sa bawat interaksyon. Umaasa tayo sa lahat ng pandaigdigang kasamahan sa trabaho na isapraktika ang mga prinsipyong ito, laging lagi. Alang-alang sa buong komunidad ng TD SYNEX, salamat sa inyo para sa inyong etikal na pamumuno.”

David Vetter

Executive Vice President,
Chief Legal Officer